



MGA MANGINGISDA AT NAGTITINDA NG ISDANG APEKTADO NG OIL SPILL, BINIGYAN NG TULONG



MAHIGIT 1,000 family-ang mangingisda at nagtitinda ng isda sa bayan ng Gloria ang naabutan ng tulong mula sa Department of Social Welfare and Development (DSWD) sa pamamagitan ng Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO) noong Marso 6, 2023.

Alinsunod sa atas ni Gobernador Humerlito "Bonz" Dolor at batay sa naging rekomendasyon ng DOH na itigil muna pansamantala ang pang-

ingisda dahil sa pagkalat ng langis ng lumubog na oil tanker sa ilang bahagi ng dalampasigan ng bayan ng Gloria, ang mga pamilyang umaasa sa biyaya ng karagatan ay mawawalan din pansamantala ng mapagkukunan ng hanapbuhay.

Dahil dito, nama-hagi ng food packs ang DSWD upang alalayan ang mga residente ditong mangingisda habang hindi pa sila pwedeng pumalaot.

Partikular na na-

katanggap ng tulong ang mga barangay ng Tambong, Bulaklakan, Maligaya, Kawit, Narra, San Antonio, Balete, Sta. Theresa, Lucio Laurel, Guimbonan, Maragooc at Agsalin sa bayan ng Gloria.

Samantala, hindi man personal na nakadalo si Gob. Bonz, kinatawan naman siya ng mga board member na sina Atty. Roland Ruga, Joeniña Thalia Aguilon at Judy Ann Servando. (PIO Calapan)

PRISAA MIMAROPA GAMES 2023, GINANAP SA LUNGSOD NG CALAPAN



"PLAY WIN-WIN. Sa inyong paglalaro ay sikapin ninyong manalo nang hindi nakaka-sakit sa kapwa manlalaro."

Ito ang naging mensahe ni Governor Humerlito "Bonz" A. Dolor sa mga kabataang atleta sa isinagawang opening ceremony ng Private Schools Athletic Association (PRISAA) MIMAROPA Games 2023 noong Marso 9, sa Divine Word College of Calapan Gymnasium sa Lungsod ng Calapan.

Ayon pa kay Governor Bonz, sa kabila ng maraming gawain kaugnay ng insidente ng oil spill sa lalawigan, sinikap niya na makadalo sa pagbubukas ng PRISAA games upang magbigay ng inspirasyon sa mga kabataang Mindoreño. *"Kayo ang dahilan kung bakit ako naririto,"* pahayag pa ng Ama ng Lalawigan.

Samantala, bilang suporta ng kaniyang pamunuan sa mga atletang Mindoreño, magkakaloob si Governor Bonz ng 100,000 pesos bilang karagdang pondo para sa paglahok sa National PRISAA Games.

Bukod pa rito, nagkaloob ang Gobernador ng kabuuang 105,000 pesos cash prize para sa over-all winners at consolation prize sa bawat delegasyon na hindi mananalo. Tatanggap ng 25,000 pesos, 20,000 pesos, 15,000 pesos at 10,000 pesos para sa Champion, 1st runner-up, 2nd runner-up, at 3rd runner-up ayon sa pagkakasunud-sunod samantalang tig-5,000 pesos bilang consolation prize. Itinurn over ito ni Governor Bonz kay PRISAA President Fr. Renato A. Tampol. (PIO Calapan)



“Your Next Vacation Destination”

by Mary Angelie L. Araneta

THE LAUREL HERITAGE RESORT & SPA used to be a regular house owned by the former Mayor of Sto. Tomas, Batangas, Mayor Leopoldo M. Laurel Jr.

In 2018, it was converted into a resort and spa which was Mediterranean inspired with a must-visit restaurant, an event center, spa, swimming pool and of course, room accommodations. It is located in Poblacion 4, Sto. Tomas, Batangas. Five months after its Grand Opening, I am

delighted to share with you why I recommend visiting, and possibly, booking your stay in this resort.

The resort is well-known for its restaurant, “Cuisina ni Miling”. The name “Miling” was the nickname of my grandmother, who herself was a good cook.

The resto specializes in serving Filipino cuisine, although it also offers other food viands where every dish is worth savoring. Hotel guests and regular walk

-ins can be seen daily to the point that the restaurant is already filled to capacity. It is safe to say that the food is very delicious and sensibly priced which makes customers often come back on a regular basis. Not just in the restaurant, but it also applies for the rooms, Bayleaf Spa, and to special packages and promos that are worth to experience. Hotel guests, especially kids, have fun swimming in the kiddie pool and jacuzzi, while the adults enjoy the

complimentary massage services and soothing spa treatments.

And, as I have mentioned, there is an Events Venue named “Bulwagan ni Liling”. The name “Liling” refers to my grandfather, the former mayor of the city.

This is where you can hold and celebrate your Weddings, Birthday Parties, Meetings, Baptismals, or any other occasions.

Within the vicinity of the resort, you also have easy access to Grocery

Stores, Bus Terminal, Lianas Mall, the wet market, and other restaurants and stores nearby. If you want to explore the city of Sto. Tomas, the Padre Pio Shrine is the perfect place for you to visit and is only a ten minute ride away from the resort.

In this part, I would simply like to share my own thoughts about Laurel Heritage Resort & Spa. The first thing you’ll notice about this resort is how well designed its exterior is and how stunning it is when lit

up at night. It is definitely an “Instagrammable” spot and worth taking pictures of, as many visitors do. In fact, you are able to see the sight of Mt. Makiling. You will also appreciate the interior’s sense of coziness, as it was thoughtfully designed. Second, I never miss to order “Mary Anne’s Fried Ice-cream,” which is one of their best-selling menu items. I highly recommend that you try it as it is good for sharing and it is something that you won’t get to eat everyday. It’s

funny how the customers want to order this dessert to go but can’t, for obvious reasons. Third, the customers genuinely appreciate the hospitable staff and leave positive reviews about it. Finally, if I were to go home from work exhausted and try out their spa, I would instantly feel refreshed and well-rested by the aura the spa rooms give, and because they have great massage therapists.

Now that you know why I recommend Laurel

Heritage Resort & Spa, why not try visiting it this time? The hotel staff will always look forward to giving you their best services, prioritize your health and safety, and will assure you to leave with a memorable experience to share with others. In the future, they’ll continue to build more features and grow. Who knows, it might end up being one of your favorite go-to spots in Sto. Tomas, Batangas.



06.16.22. Ms. Jovel Calingasan Wedding, We’re very excited to have you here. Thank you for choosing Laurel Heritage Resort and Spa!



With a Mediterranean ambiance, Cuisina ni Miling serves Filipino and continental cuisines. Maryanne’s Fried Ice Cream, Gyro Wrap, and Truffle Fettuccine Pasta are definitely a must-try!

THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER
RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMOND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT


THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL AD D: tamaraojournal@gmail.com
WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM



With a Mediterranean ambiance, Cuisina ni Miling serves Filipino and continental cuisines. Maryanne’s Fried Ice Cream, Gyro Wrap, and Truffle Fettuccine Pasta are definitely a must-try! The restaurant is open daily from 6:00 am to 10:00 pm. Cuisina ni Miling is a tribute to the Laurel matriarch and homemaker, and former first lady of Sto. Tomas, Batangas.



THE NATIONAL SHRINE OF SAINT PADRE PIO. Located at Brgy. San Pedro, Sto Tomas, Batangas and a 10 minute ride from LAUREL HERITAGE RESORT AND SPA. We are located at Poblacion 4, Sto. Tomas, Batangas. We do have room accommodations and restaurant among others, that you and your family can go or stay at, before or after your Shrine’s visit



Take a dip in our pool, relax in our jacuzzi, or simply lounge under the sun. Our adult pool is 6-feet deep adult pool, with kiddie pool, and gazebo. Available for night swimming.



Ika-100 Kaarawan ni Nanay “Ayang”, Ginuita!

SA KABILA ng tinututukang malawakang paglilinis sa dalampasigan ng Oriental Mindoro, partikular sa mga bayang sinalanta ng oil spill at mga pakikipagpu-long sa mga konsernadong opisyal ng mga ahensya ng Pamahalaang Nasyunal ukol dito, hindi nakaligtaan ni Governor Bonz Dolor na sorpresahin ang 100 taong gulang na si Nanay Macaria Mojares ng Brgy. San Gabriel Victoria sa ika-100 kaarawan noong Marso 10.

Mas kilala na tawag na Nanay “Ayang” na isa nang ganap na centenarian. Ipinanganak siya noong March 10, 1923. May Sampu (10) mga anak saman-

talang tatlo (3) na rito ang namayapa. Ang kanyang sekreto aniya ng kanyang mahabang buhay gulay ang nakasanayan niyang kainin. Bihira aniya, pa, ang pagkain niya ng karne. Nabanggit din ni Nanay Ayang na isa pa rin sa mga sekreto niya sa tinataglay niyang kalakasan hanggang sa ngayon ay ang pagsisikap niyang mapanatili na maging isang mabuting tao.

Nagagalak naman si Gov. Bonz sa pakikipagkwentuhan kay Nanay Ayang, gayundin ang kanyang maybahay, si Gng. Hiyas Govinda Ramos-Dolor, PSWD Officer Zarah Magboo, Madam Ester Ma-

lapitan at si Victoria Mayor Joselito Malabanan.

Maliban sa P100,000. 00 mula sa Pamahalaang P a n - l a l a w i - g a n m a y p a - c a k e pa si Gov. B o n z at Ser- tipiko ng Pag- kilala habang kinakan- tahan nila si Nanay

Ayang. Samantala, ka-

ra - ipinagkaloob ng Pamamahalaang Bayan ng Victoria.

Makikita namang ang mga inisyatibang ito ay pagpapahayag na sa kasaluyang administrasyon ni Gov Bonz hindi kaylanman nawawaglit ang mga pangunahing mamamayan dahil sila’y hindi maitatanging nakapagbibigay ng inspirasyon sa kasalukuyan at susunod pang he-

nerasyon. (PIO Calapan)

